JANUARY 2025

City of Long Beach

Gabay sa mga Mapagkukunan ng Tulong para sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach

CITY OF LONG BEACH

CITY OF LONG BEACH

City of Long Beach
Gabay sa mga Mapagkukunan ng Tulong para sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach

Pangako sa mga Komunidad ng mga Imigrante

Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Long Beach na suportahan ang malalawak at masisiglang komunidad nito ng mga imigrante. Noong 2018, pinagtibay ng Lungsod ang Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach (Long Beach Values Act), na tumutulong upang protektahan ang mga imigrante sa pamamagitan ng pagtatakda ng malilinaw na alituntunin para sa pangangasiwa ng personal na impormasyon at pag-iwas na makipagtulungan sa mga tagapagpatupad ng imigrasyon ng pamahalaang pederal. Itinaguyod din ng Lungsod ang Pondong Pangkatarungan ng Long Beach (Long Beach Justice Fund) noong 2019 upang magbigay ng suportang legal para sa pagdepensa laban sa deportasyon.

Noong Enero 7, 2025, bumoto ang Sangguniang Panlungsod nang pabor sa pagpapatibay sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach sa pamamagitan ng pagrerekomenda na pagsisikapang tuparin ng bawat independiyenteng tanggapan at maraming kapanig na ahensiya ang Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach; paghiling na isama sa mga karaniwang salaysay sa kontrata ang mga alituntunin sa privacy ng datos sa Lungsod; pag-awtorisa ng karagdagang pondo para sa suporta sa pagdepensa laban sa deportasyon; at paggawa at pamamahagi ng mga pang-impormasyong dokumento bilang pantulong sa mga nangangailangan.

Ang gabay na ito ay nakalaan upang magbigay ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan ng tulong para sa mga miyembro ng komunidad na maaaring nangangailangan ng pag-alalay sa mga isyung may kinalaman sa imigrasyon. Mahalagang malaman ninyo ang inyong mga karapatan at maging handa kung haharangin kayo o kukuwestiyunin ng Tagapagpatupad ng Imigrasyon at Adwana (Immigration and Customs Enforcement, ICE). Upang malaman pa ang tungkol sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach at mga kamakailang aksiyon ng Sangguniang Panlungsod, pakitingnan ang memorandum na ito. **memorandum**.

Hindi Pakikipagtulungan sa Tagapagpatupad ng Imigrasyon

Ang Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach (Long Beach Police Department, LBPD) ay hindi sangay ng awtoridad ng imigrasyon at hindi nagsasagawa ng mga tungkuling pang-imigrasyon. Nakatuon ang LBPD sa pagtiyak sa kaligtasan ng buong komunidad. Ang pundasyon ng Department ay nakabatay sa mga prinsipyo ng pamumulis sa komunidad, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng tiwala ng publiko, kasama na rito ang tiwala ng ating komunidad ng mga imigrante. Alinsunod sa patakaran ng LBPD, pangkalahatang ipinagbabawal ang pagbabahagi ng impormasyong may kinalaman sa imigrasyon sa Tagapagpatupad ng Imigrasyon at Adwana (ICE) na nakuha mula sa mga indibidwal na nakaengkuwentro sa mga aktibidad kaugnay ng kaligtasan at pamumulis sa publiko, gaya ng mga karaniwang pagpapahinto sa trapiko, pagtawag para sa serbisyo, at mga taong nasa kustodiya. Ibinabahagi lang ng Department ang impormasyong ito bilang pagsunod sa pang-estado o pederal na batas, o nang may wastong warrant o subpoena mula sa hukuman. Hinihikayat namin kayo na patuloy na makipag-ugnayan sa LBPD sa inyong lugar upang makatulong na maitaguyod ang kaligtasan at seguridad ng lahat sa ating komunidad.

CITY OF LONG BEACH

City of Long Beach
Gabay sa mga Mapagkukunan ng Tulong para sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach

Suportang Legal

Palaging maghanap ng payong legal kung humaharap kayo sa mga isyu sa imigrasyon. Kung wala kayong abogado, ang Lungsod ay mayroong kapanig na mga tagapagbigay ng serbisyong legal na nag-aalok ng depensa laban sa pagpapaalis, at mga serbisyo para sa pagpapatotoo at pag-apela. Mula noong sinimulan ang Justice Fund (Pondong Pangkatarungan), nakipagtulungan na ang Lungsod sa Immigrant Defenders Law Center (ImmDef, Sentrong Pambatas ng mga Tagapagtanggol ng Imigrante) upang makapagbigay ng legal na representasyon para sa mga taong humaharap sa deportasyon. Sa kasalukuyan, kapanig ng Lungsod ang Al Otro Lado sa pagbibigay ng mga serbisyong legal sa ilalim ng Long Beach Justice Fund, at naghahanap ang Lungsod ng mga paraan upang mapalawak pa ang mga serbisyong legal. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan ng tulong sa Long Beach, bisitahin ang Mga Mapagkukunan ng Tulong Pang-imigrasyon sa Long Beach. **Long Beach Immigration Resources**.

Mga Mapagkukunan ng Tulong ng Imigrante sa Long Beach

Mga Tagapagbigay-serbisyo para sa Long Beach Justice Fund

MGA TAGAPAG-UGNAY SA KOMUNIDAD

ÓRALE
www.orale.org

Filipino Migrant Center
www.filipinomigrantcenter.org

United Cambodian Community
www.ucclb.org

MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYONG LEGAL

Al Otro Lado
www.alotrolado.org

Immigrant Defenders Law Center
www.immdef.org

CITY OF LONG BEACH

City of Long Beach
Gabay sa mga Mapagkukunan ng Tulong para sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach

ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN

Karapatang Manahimik o Magsawalang Kibo- Hindi ninyo kailangang magsalita tungkol sa inyong katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan sa harap ng mga pulis, ahente ng imigrasyon, o iba pang mga opisyal. Ang anumang sasabihin ninyo sa isang opisyal ay puwedeng gamitin laban sa inyo sa hukuman ng imigrasyon. Huwag magsinungaling tungkol sa inyong katayuan o magbigay ng maling dokumento.

Papeles ng Imigrasyon- Kung kayo ay hindi mamamayan ng U.S. at hihilingin ng isang ahente ng imigrasyon ang inyong papeles, dapat ninyo itong ipakita kung nasa inyo ito. Mayroon kayong karapatang manahimik o magsawalang kibo o hilinging makipag-usap sa isang abogado bago sagutin ang anumang tanong.

Mga Karapatan sa Pagkapkap -Kung tatangunin ng isang ahente ng imigrasyon kung puwede niya kayong kapkapan, mayroon kayong karapatang humindi. Walang karapatan ang mga ahente na kapkapan kayo o halughugin ang inyong mga gamit nang wala ng inyong pahintulot o probable cause (sapat na katwiran). Kung hihilingin niyang kapkapan kayo, mayroon kayong karapatang humindi.

Search at Arrest Warrant -Kung papasok sa inyong tahanan ang mga ahente ng imigrasyon nang wala ng inyong pahintulot, mayroon kayong karapatang berbal na ipahayag na hindi ninyo sila binibiyan ng pahintulot na pumasok sa inyong tahanan o halughugin ang inyong mga gamit. Humingi ng search at arrest warrant (utos sa pangangapkap, paghahalughog, at pag-aresto).

Pagdadala ng Papeles -Kung kayo ay 18 taong gulang pataas, dalhin ang inyong papeles ng imigrasyon sa lahat ng oras. Kung wala ito sa inyo, puwede ninyong sabihin sa opisyal na gusto ninyong manahimik o magsawalang kibo o makipag-usap sa isang abogado.

CITY OF LONG BEACH

City of Long Beach
Gabay sa mga Mapagkukunan ng Tulong para sa Batas para sa mga Kahalagahan ng Long Beach

Maghanda nang Maaga

Makababuti kung gagawa kayo ng plano kasama ng inyong pamilya, mga kaibigan, at employer sakaling bumisita ang mga ahente ng imigrasyon sa inyong tahanan o pinagtatrabahuhang lugar. Pagpasyahan kung sino ang mangangasiwa sa inyong kaso at kung sino ang magbibigay-suporta. Siguruhing alam ng inyong pamilya at mga kaibigan kung ano ang gagawin kung madedetene kayo.

Protektahan ang Sarili Laban sa Panloloko

Siguruhing mayroong wastong akreditasyon ang sinumang abogado o legal na kinatawang kukunin ninyo. Puwede ninyo itong beripikahin sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang mga kredensiyal gamit ang tool na Hanapin ang Isang Abogado (Look up a Lawyer) ng Abogasya ng Estado ng California (State Bar of California). Humingi lang ng tulong legal mula sa mga lisensiyadong abogado o kinatawang may akreditasyon mula sa pamahalaang pederal. Kung naniniwala kayong nabiktima kayo ng panloloko, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Usaping Pang-imigrante ng Los Angeles County (Los Angeles County Office of Immigrant Affairs) sa 1-800-593-8222 o bisitahin ang website ng Kagawaran ng mga Usaping Pangkonsyumer at Pangnegosyo ng LA County (LA County Department of Consumer and Business Affairs)

Mga Karagdagang Mapagkukunan ng Tulong Legal

Centro CHA
Legal Aid Foundation of Los Angeles
L.A. Justice Fund
211 LA County
LA County Office of Immigrant Affairs
LA County Consumer and Business Affairs
Public Law Center
Asian Americans Advancing Justice SoCal
Bet Tzedek
Catholic Charities of Los Angeles
Central American Resource Center (CARECEN) of California
Children's Law Center of California
El Rescate
Immigration Center for Women and Children
International Institute of Los Angeles (IILA)
Legal Aid Foundation of Los Angeles
Los Angeles LGBT Center
Loyola Immigrant Justice Clinic

Peace Over Violence Legal Advocacy Project
Pomona Economic Opportunity Center (Pomona Day Laborer Center)
Access California Services
Community Legal Aid SoCal
Council of American-Islamic Relations (CAIR)
Public Law Center
Western State College of Law
Esperanza Immigrant Rights Project

Mga Mapagkukunan ng Tulong sa Kalusugan

My Health LA
Medi-Cal For DACA Recipients
The Children's Clinic
Medi-Cal Outreach and Health Access Program
Women, Infants & Children Supplemental Nutrition Program
Clinica Monsenor Oscar A. Romero

Mga Mapagkukunan ng Tulong sa Edukasyon

Long Beach Unified Free English as a Second Language Class
Long Beach Public Library Career Online High School
Long Beach City College Resources for DACA Students
CSULB Dream Success Center
LBUSD Migrant Education

Mga Mapagkukunan ng Tulong sa Trabaho at Negosyo

Korean Immigrant Workers Advocates of Southern California (KIWA)
Long Beach Workforce Innovation Network (LBWIN)
Filipino Migrant Center

Mga Serbisyong Pansuporta

YMCA
Coalition for Humane Immigrant Rights (CHIRLA)
Korean Resource Center
The LGBTQ Center of Long Beach